



Huwag sumuko para sa iyong mga pangarap!

Sa isyung ito ng Mimitaro, atin nakapanayam si Bb.Anny Kurotami, Nagtuturo ng wikang hapon sa Paaralan ng Brazilian.



Ipinanganak ako sa Colombia at iginugol ang kabataan sa Omihachiman. Sa edad na apat pumasok ako sa isang nursery na pinamamahalaan ng mga Brazilian, at dito ko na rin natutunang makapagsalita ng wikang Portuges. Sa aming tahanan mayroon tuntuning tanging wikang espanyol lamang ang dapat na ginagamit na salita. Kaya naman, natural nalang para sa akin na gumamit ng iba't ibang wika sa loob at labas ng bahay mula noong bata pa ako, madalas din akong nag-iinterpret sa pagitan ng aking ina at mga guro sa nursery. Pagkadating sa elementarya sunod na pinag aralan ko na ay ang wikang hapon. Sa kaloob-looban ko itinuturing ko ang aking sarili na isang hapones, ngunit sa palagay ko nakuha ko ang lahat ng mga pundasyon ng kultura at wikang hapon habang nasa elementarya. Noong una akong pumasok sa paaralan, mahigpit na itinuro sa akin ang lahat mula sa pagbigkas ng salitang hapon hanggang sa kung papaano gumamit ng chopsticks, na minsa nagpaiyak sa akin, ngunit ngayon ay lubos kong ipinagpapasalamat iyon. Nung dumating na ako sa mataas na grado, ang mga bata sa paligid ko ay nagsimulang pansinin ang aking hitsura, na kung minsan may mga pagkakataon na mahirap para sa akin. Ngunit sa mga pagkakataon din iyon nakakuha ako ng suportang-emosyon sa *gakudo* (isang pasilidad kung saan nagsasama-sama ang mga mag aaral pagkatapos ng klase sa paaralan). May mga mababait na guro at mga kaibigan mula sa magkakaiba't ibang edad, para kaming tulad ng isang malaki at masayang pamilya.

Pagkatapos magtapos ng elementarya, lumipat kami sa Higashiomi, kung saan ako nag-aral ng junyor hayskul na wala manlang ni isang kakilala. Doon ako ay nakaranas ng matinding pang aapi, dahil sa kahirapan sa pakikitungo sa mga tao at dala na rin sa panahong nasa ilalim ng pagsisimula ng pagdadalaga. Tulad ng mga salitang ibinato sa akin “huwag mong hawakan, marumi ka, pumunta ka sa impyerno at ang pagbandalismo sa bisikleta ko. Nagpatuloy iyon na pakiramadam ko pilit akong binubura sa mundo na para bagang nabubuhay ako sa mundong walang kakulay-kulay. Malabo man makapag aral sa gayong sitwasyon nangarap pa rin akong mag aral sa unibersidad at dahil diyan nagkaroon ako ng matinding pagnanais na pumasok sa hayskul. Dahil limitado lamang ang mapagpipilian sa mas mataas na edukasyon, pinili kong mag aral sa isang correspondence high school (sa bahay gagawin ang mga aralin at dadalhin sa paaralan kapag nagawa mo na ito). Sa una nahihiya ako na naiiba ang paaralan ko kaysa iba, ngunit

sa palagay ko ito ay isang magandang desisyon. Dahil ito ay isang batay sa kredito na paaralan kung saan ang mga mag-aaral ay may kalayaang makapamilya ng mga asignaturang nais nilang pag-aralan at matutunan na naayon sa kanilang kakayahan, napakahalagang panahon ang mga taon ko sa hayskul upang maging malaya ako mula sa mahigpit na sistema ng paaralan at maibalik ang tiwala sa sarili. Kasabay nito, “ang pamamaraan ng pamumuhay” na naranasan ko sa komunidad ng Braziliano na siyang nagbigay sa akin ng lakas upang makabangon muli at konsulasyon din na naging matatas pa ako sa wikang portuges na hindi ko nasasalita noong preschool pa ako sa pamamagitan ng aking pakikipag ugnayan sa mga Braziliano.

Binalak kong mag-aral sa unibersidad pagkatapos ng hayskul, ngunit dahil hindi ako sigurado sa gusto kong pag-aralan, minabuti ko munang magtrabaho ng part time upang makaipon para sa paghahanda sa mas mataas na edukasyon. Sa mga panahong iyon, sinamahan ko ang kaibigan ko sa *HelloWork* upang mag interpret kaya naalok ako ng trabaho bilang interpreter ng wikang portuges sa tanggapan ng lungsod. Doon, naharap ako sa totoong kulay ng mundo, kasama na pati ang pagharap sa mga dayuhang residente na may iba't ibang problema. Namulat din ako sa mahigpit na pangangailangan sa wikang Ingles at nakita ko rin ang daan na gusto kong tahakin. Pagkatapos makapagtabaho ng 2 taon, pumasok ako sa paaralan ng wikang Ingles at nagsimulang mag-aral. Pakiramdam ko ay biglang lumawak ang interes ko sa wika. Sa ngayon, nag-aaral ako ng aghamwika sa unibersidad at nagtuturo din ng wikang hapon sa isang paaralan ng Braziliano dalawang taon na ang nakararaan. Bagama't limitado lamang ang bilang ng mga aralin ng wikang hapon sa paaralan ng Braziliano, ginagawa ko naman lahat upang maging kasiya-siya ang klase, umaasang matutunan ng mga bata ang lenguahe ng husto upang mapagtagumpayan nila ang mamuhay sa lipunan ng Japan. Sa pagdami ng bilang ng mga dayuhang residente, inaasam kong makita ang pagbabago ng lipunan sa Japan kung saan ang mga dayuhan ay maaaring gumanap ng mas aktibong papel sa ilalim ng isang patas na sistema, at sana tayo din mismo ay baguhin ang pag-iisip na ibahin “dahil hapon sila” o “dahil dayuhan tayo” at lalong lumago pang may pagkakaintindihan.

Umpisa sa sariling wikang espanyol, nasisiyahan akong makatuklas ng mga panibago sa aking sarili sa tuwing nakakahanap ako ng ibang wika. Pangarap kong ipagpatuloy ang pananaliksik sa wika at balang araw ay makagawa ng isang paaralan kung saan ang mga dayuhan at hapon ay magkakasamang matuto ng iba't ibang wika at kultura. Kung mayroon kang pangarap, mangyaring huwag sumuko at sana ay mahanap mo rin ang landas na nais mong tahakin.



Interpretasyon * Pagsangguni para sa mga Dayuhang Residente sa Shiga

Tandaan: Ang 'atbp' ay tumutukoy sa AI interpretation machine at remote

Lugar	Tanggapan	Wika	Araw/Oras ng Pagsangguni	Telepono
Otsu	Munisipyo Kankou Shinko-ka MICE Promotion Office	Ingles.atbp.	Lun~Biy 9:00am-5:00pm	077-528-2864
	Otsu Int'l Goodwill Association (<i>Otsu-shi Kokusai Shinzen Kyokai</i>) Kokusai Koryu Salon	Hapon	Ika-2 Miy 5:30pm, 6:15pm, 7:00pm (Kailangan ng reserbasyon)	077-525-4711
Hikone	Munisipyo Hikone Foreign Residents Support Center (<i>Hikone Gaikokujin Soudan Center</i>) · Honkan (main bldg) 3F Jinken seisaku-ka · Chuo-cho bekkkan (annex) 1F	Portuges	Lun~Biy 8:30am-5:15pm Ika 1.3 na Huw 8:30am-7:00pm	0749-30-6113
		Ingles	Lun~Biy	
		Intsik	Mar, Biy (Miy) 8:30am-5:15 pm	
		Vietnam	Mar, Huw, Biy	
Nagahama	Munisipyo Shimin-ka	Portuges·Kastila	Huw 8:30am-7:00pm	0749-65-8711
		Ingles.atbp.	Lun~Miy, Biy 8:30am-5:15pm	
		Vietnam	Mar 1:00-5:15 pm Huw 1:00-7:00pm	
	Nagahama-shi Tabunka Kyosei Kokusai Bunka Koryu House (GEO)	Hapon	Araw-araw (m aliban sa Huwebes) 10:00am - 6:00pm	0749-63-4400
Omi-hachiman	Munisipyo 2F Kokusai Kyokai	Portuges·Ingles· atbp.	Lun~Biy 9:00am-4:45pm	0748-26-7092
Kusatsu	Munisipyo 2F Machizukuri Kyodo-ka	Ingles·atbp.	Lun~Biy 9:00am-4:00pm	077-561-2337
Moriyama	Moriyama Int'l. Friendship Assn. <i>Moriyama Shimin Koryu Center</i>	Ingles (sumangguni muna para sa ibang wika)	Lun~Biy 9:00am-4:30pm	077-583-4653
Ritto	Munisipyo 3F Ritto Int'l. Friendship Assn. (<i>Ritto Kokusai Koryu Kyokai</i>)	Portuges	Miy 1:00pm-5:00pm	077-551-0293
Koka	Munisipyo Shimin katsudo Suishin-ka	Portuges·Kastila· atbp.	Lun~Biy 8:30am-5:15pm	0748-69-2146
	Munisipyo Kosodate Seisaku-ka			0748-69-2176
	Koka International Society Koka Multicultural Center	Portuges·Kastila· Inglis·atbp.	Mar~Lin 9:00am-5:00pm (Kailangan ng reserbasyon)	0748-70-3721
Yasu	Munisipyo Kikaku Chosei-ka bawat departamento	Ingles·atbp.	Lun~Biy 8:30am-5:15pm	077-587-6039
	Yasu Int'l Friendship Association (<i>Yasu-shi Kokusai Kyokai</i>) Annex sa South	Ingles	Lun~Biy 9:00am-5:00pm	077-586-3106
Konan	Munisipyo Higashi Chosha 1F Jinken Yogo-ka	Portuges·atbp.	Lun~Biy 9:00am-4:00pm	0748-71-2354
	Munisipyo Nishi Chosha 4F Konan Int'l. Association (<i>Konan-shi Kokusai Kyokai</i>)	Portuges·atbp.	Lun~Biy 8:30am-5:00pm	0748-69-7530
		Vietnam	Ika-4 na Biy 8:30am-5:00pm	
Takashima	Takashima Int'l Friendship Assn. (<i>Takashima-shi Kokusai Kyokai</i>)	Ingles·Vietnam	Iregular (kailangan ng appointment)	0740-20-1180
Higashiomi	Munisipyo Shinkan Shimin seikatsu Soudan-ka	Portuges·atbp.	Lun~Biy 9:00am-5:00pm	0748-24-5521
Maibara	Munisipyo Santo Shisho Chiiki Shinko-ka	Portuges·atbp.	Lun~Biy 8:30am-5:15pm	0749-53-5172
	Maibara Multicultural and Int'l Assn. (<i>Maibara-shi Tabunka Kyosei Kyokai</i>) Santo shisho bekkkan annex 2F	Portuges	Lun~Biy 9:00am-5:00pm	0749-56-0577
		Intsik	Lun~Huw 9:00am-3:00pm	
Hino	Bulwagan ng bayan Jumin-ka	Portuges	Lun, Miy, Huw 9:00am-5:00pm	0748-52-6571
Aisho	Bulwagan ng bayan Echigawa-Chosha Mirai Sosei-ka	Portuges	Lun, Mar, Biy 8:30am-5:15 pm	0749-29-9046
			Miy, Huw 8:30am-4:30pm	
		Atbp.	Lun~Biy 8:30am-5:15pm	
Prepektura ng Shiga	Shiga Intercultural Association for Globalization Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhan Residente ng Shiga	Portuges·Kastila Tagalog·Ingles Vietnam·atbp.	Lun~Biy 10:00am-5:00pm	077-523-5646

Mga Silid-aralan ng Nihongo sa Shiga



Lugar	Silid Aralan	Lokasyon	Araw at Oras	Telepono
Otsu	OIGA Klase sa Hamaotsu	Otsu Kokusai Koryu Salon	Biy 1:30 - 2:30 pm 7:00 - 8:00 pm	077-525-4711
	OIGA Klase sa Katata	Katata Community Center	Huw 10:00 - 11:45 am	
	Nihongo no kai	Otsu Kominkan	Huw 10:00 - 12:00 pm	090-1479-5468
	Omi Nihongo Fureai Club	Piazza Omi 2F	Lun 10:30 - 12:00 pm	077-523-1061
		Seta-kita Kominkan	Sab 7:30 - 9:10 pm	
Tabunka Kyosei Shien Club	Seta-kita Kominkan 2F	Biy 7:00 - 8:30 pm	077-543-9414	
Hikone	Asosasyong-Internasyunal ng Lungsod Nihongo Hiroba	Hikone Kokusai Koryu Salon	(tumawag kung may katanungan)	0749-22-5931
	Nihongo Kyoshitsu Smile	Innovation Office Nayashichi	Lun~Biy ①9:30 - 10:50 am ②11:00 - 12:20pm ③1:30 - 2:50 pm ④3:00 - 4:20 pm	070-5661-7345
	VOICE Nihongo Kyoshitsu	Naka-chiku Kominkan	Sab 2:00 - 4:00 pm	090-5156-6916
Nagahama	Nagahama UNESCO Kyokai Nihongo Kyoshitsu	Kokusai Bunka Koryu House GEO	Miy, Sab 7:00 - 8:30 pm	0749-65-6552
	Tanoshii Nihongo		Mar 6:30 - 8:00 pm	0749-63-4400
Omi-hachiman	Nihongo Koryu Kyoshitsu Tanpopo	Kaneda Community Center	Sab 7:00 - 9:00 pm	0748-26-7092
	Nihongo Koryu Kyoshitsu Azuchi	Azuchi Community Center		
	Nakayoshi Nihongo Koryu Kyositsu	Kaneda Community Center	Miy 10:00 - 11:30 am	
Kusatsu	Olive	Kirarie Kusatsu	Sab 7:00 - 8:40 pm	077-565-9215
	SHIPS Nihongo Kyoshitsu	Tabunka Kyosei Shien Center	Miy, Biy 10:30 - 12:00 pm	077-561-5110
	KIFA Nihongo Hiroba 「Kizuna」	Ritsumeikan Univ. BKC	Sab 10:20 - 12:00 pm	077-561-2322
Moriyama	Moriyama Nihongo Kyoshitsu	Moriyama Shimin Koryu Center	Ika- 1 at 4 na Sab 10:00 - 11:50 am	077-583-4653
	Nihongo Salon		Lun~Biy 10:00 - 12:00 pm	090-8648-9749
Ritto	RIFA Nihongo Kyoshitsu	Community Center Daihou	Ika- 2 at 4 na Sab 10:15 - 11:45 am	077-551-0293
Koka	KIS Ninja Nihongo Kyoshitsu	Minakuru PLaza	Sabado 7:30 - 9:30 pm	0748-63-8728
	KIS Nihongo Kyoshitsu 「Niji」	Maroom	Lunes 2:00 - 4:00 pm	
	Hajimete no Nihongo	Minakuru Plaza	(tumawag kung may katanungan)	
Yasu	YIFA Nihongo Kyoshitsu	Yasu Int'l. Association	Maaring pag usapan ang eskedyul	077-586-3106
Konan	KIA Nihongo Kyoshitsu Ishibe	Ishibe Machizukuri Center	Lun 2:00 - 3:30 pm Miy 3:30 - 5:00 pm Huw 7:00 - 8:30 pm	0748-69-7530
	KIA Nihongo Kyoshitsu Mito	Mito Community Center	Sabado 6:30 - 8:00 pm	
	Caminando	ELD	Lun, Miy 7:00 - 9:00 pm	090-1448-3350
Takashima	Asosasyon-Internasyunal ng Lungsod Nihongo Kyoshitsu	Imazu Higashi Community Center	Maaring pag usapan ang eskedyul	0740-20-1180
	Nihongo de Hanasou	Shin-asahi Kominkan	5 beses/taon (tumawag kung may katanungan)	
Higashiomi	Yokaichi Nihongo Kyoshitsu	Higashiomi International Friendship Association	Sab 1:30 - 3:00 pm Pang 1, 3 na Lin 1:30 - 3:00 pm	050-5802-9606
	Notogawa Nihongo Kyoshitsu	Notogawa Community Center	Pang 1, 3 na Lin 1:30 - 3:00 pm	
Maibara	Nihongo Kyoshitsu ng Lungsod	Munusipyo ng Maibara Santou shisyo bekkann (annex)	Sab 9:30 - 11:00 am	0749-56-0577
Aisho	Aisho Int'l Friendship Assoc. Volunteer Nihongo Kyoshitsu	Echigawa Kominkan	Sab, Lin 10:00 - 11:30 am 1:30 - 3:00 pm 3:15 - 4:45 pm	070-5593-1769
Toyosato	Nihongo Yomikaki Kyoshitsu	Toyosato Rinpokan	Pang ika-2 · 4 Sab 2:00 - 4:00 pm	0749-35-0611
Online	ONRITANS	Online Class	Lun~Biy / Maaring pag usapan ang eskedyul	satorubox@gmail.com

Impormasyon sa Mimitaro



Mag ingat sa heat stroke, enjoyin ang tag-araw!

◆ Pagdaraus sa Piyesta ng Kuwitis (Fireworks)

Echigawa Gion Noryosai Hanabi Taikai (papatok ng mga Kuwitis) Hulyo 13 (Sab)

Otsu Shiga Hanabi Taikai Hulyo 25 (Huw)

Koka-ryu Ninnin Hanabi Taikai Hulyo 27 (Sab)

Biwako Grand Fireworks Agosto 8 (Huw)

Nagahama Kita Biwako Hanabi Taikai


Setyembre 17 (Mar) ~ 20 (Biy)

◆ Piyesta sa Tag-init sa Konan

Agosto 3 (Sab) 4p.m.~ 8:30p.m.

Yasugawa Shinsui Koen

589 Natsumi Konan-shi



◆ Taga Taisha Manto Sai (Lantern Festival)

Agosto 3 (Sab), 4 (Lin), 5 (Lun)

Taga Taisha 604 Taga Taga-cho Taga Inukami -gun

◆ Nagahama Railway Museum

(NagahamaTetsudou Square) (Pamana ng Japan)

Ang pinakalumang gusali ng istasyon ng tren sa Japan at iba pang pasilidad kung saan makikita mo ang pag-unlad ng kultura ng riles ng Japan. Makakakita ka ng totoong SL at Diesel na tren nang malapitan.

1-41 Kitafuna-cho, Nagahama-shi

◆ Shiga Agricultural Park Blume no Oka

May mga bagong alagang hayop sa parke, mga bagong dagdag na atraksyon sa pag-akyat at ang kabubukas lang na! palaruan sa tubig, ang "Seseragi Ogawa".

843 Nishioji, Hino-cho, Gamo-gun

◆ ASOBIWA HIRA BASE

Matatagpuan sa may parteng timog dalampasigan ng Omi Maiko, kung saan maari kang maglibang ng husto sa mga aktibidad ng tubig-lawa at BBQ sa lugar ng may naggagandahang puting buhangin na baybayin.

Bukas sa buong tag init na panahon

9:00am~5:00pm.

934-2 Kitahira Otsu-shi



◆ Swimming pool sa labas (Yagai Pool)

(may bayad) Hulyo~Agosto

Mayroon ding pool para sa mga paslit at waterslide!

Yabase Kihanto Koen 2018 Yabase-cho Kusatsu-shi

Rokuha Koen 11-27 chome Oiwake Kusatsu-shi

※Pakitsek ang kalendaryo ng bawat pasilidad.

◆ Libreng araw sa paggamit ng mga (Pampublikong Pasilidad!)

“Kazoku Fureai Sunday” (Pampamilyang araw)

(Tuwing ika-3 linggo ng buwan)

Maaring sumali: Mga pamilyang nakatira sa loob ng prepektura.

“Taiken gakushu no hi” (Aktuwal na Pagsasanay na araw)

(Tuwing Sabado)

Maaring sumali : Mga batang nasa 18 pababa, nakatira at nag aaral sa mga paaralan at nursery sa loob ng Prepektura.

Mga maaring magamit na mga pasilidad:

• Samegai Trout Farm (May bayad ang pagpasok)

• Azuchi Castle Archaeological Museum

(may bayad sa pagpasok para sa mga permanenting eksibisyon) ※ Sarado hanggang ika-2 ng Septyembre

• Lake Biwa Museum (may bayad sa pagpasok sa permanenting eksibisyon)

• Shiga Museum of Art (may bayad sa

pagpasok sa permanenting eksibisyon)

• Shigaraki Ceramic Cultural Park Ceramic Museum

(may bayad sa pagpasok para sa natatanging eksibisyon)

※Kung gagamitin ang serbisyo, kailangan magpakita ng katibayan ng paninirahan sa prepektura.



Balita sa Mimitaro



◆ Mababago ang suportang-pinansiyal sa mga bata!

Ang paglimita sa kita upang makatanggap ng suportang-pinansiyal para sa mga bata ay inalis na simula sa bayarin sa Oktubre. Pinalawig ang panahon ng pagbabayad na imbis hanggang sa “pagsapit ng pagtatapos sa junyor hayskul na edad lamang tungo sa hanggang sa pagtatapos na edad sa hayskul”. 15,000 yen kada buwan para sa 0~2 taon gulang, 10,000 yen kada buwan mula 3 taon gulang~ sa huling pagtatapos ng unang marso sa pagsapit ng 18 taon gulang nito at 30,000yen/buwan sa mga pangatlong anak at sa mga kasunod pa nito. Nabago din ang paraan ng pagbabayad magiging 6 na beses kada taon. (sa magkakapares na buwan ang paraan ng pagbigay ng suportang-pinansiyal).

◆ Magbubukas na ang pinakaunang pangagabing Junyor Hayskul sa Prepektura ng Shiga!

Ang pang-gabing klase sa Konan-shi Kosei

Junyor Hayskul (Konan-shiritsu Kosei Chugaku

Yakan Gakkyu) ay (magbubukas sa Abril 2025)

magpupulong patungkol sa impormasyon ng paaralan sa Agosto 31 (Sab) 2:00pm. Oktubre 25 (Biy) 6:00 pm.

Pang-gabing Junyor Hayskul/Yakan Chugaku: Ito ay isang lugar para doon sa mga taong lampas na sa edad para sa sapolitang-edukasyon na hindi nakakumpleto nito. Sa mga taong nakapag aral ng junyor hayskul ngunit hindi nakakuha ng sapat na edukasyon dahil sa mga ilang pangyayari, gaya ng hindi pumasok sa paaralan at para doon sa mga may banyagang nasyonalidad na hindi nakatanggap ng sapolitang-edukasyon.

[Info](#) Kawani ng Edukasyon sa Lungsod ng

Konan Tel 0748-77-7011



◆ Muling idadaus ngayong taon ang orientasyon ng “Patnubay sa pagpili ng karera” para sa mga magulang at mag mag aaral na may dugong dayuhan! Oktubre 27 (Linggo) G-NET Shiga (Omihachiman)

Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga

(Sa loob ng Shiga Intercultural Association for Globalization)

☆Dahil sa Grand Fireworks Display sa Agosto 8 (Huwebes)

ang konsultasyon sa personal ay hanggang 3:30p.m. lamang

Tel 077-523-5646 Fax 077-510-0601

email : mimitaro@s-i-a.or.jp

Ang susunod na isyu ng Mimitaro ay sa Oktubre